

Ano ang sarin?



Ang sarin ay isang mapanganib na gawa-ng-*tao* na kemikal. Ito ay maaaring gamitin bilang sandatang kemikal.

Paano ako madidikit sa sarin?

Kung ginamit ng mga terorista ang sarin bilang sandata, maaaring ito ay:

- Isang mist (hamog) na maaari mong malanghap;
- Isang likido na nailagay sa pagkain o tubig, o
- Nasa isang bagay na iyong nahipo.

Ang sarin ay isang malinaw na likido na walang kulay, lasa o amoy. Ito ay madaling maging gas.

Ano ang mga sintomas ng pagkalason sa sarin?

Kabilang sa mga sintomas ang:

- Tumutulong uhog, nagluluhang mga mata
- Maliit na pupils (mga balintataw) na kasing laki ng dulo ng karayom, kirot sa mata, nanlalabong paningin
- Paglalaway at pagpapawis
- Ubo, paninikip ng dibdib, mabilis na paghinga
- Pagtatae, malimit na pag-ihing
- Pagkalito, pagkahilo, at panghihina
- Pananakit ng ulo, alibadbad, pagsusuka, at/o pananakit ng puso
- Mabagal o mabilis na tibok ng puso, mababa o mataas na presyon ng dugo

Kung ikaw ay **nakalanghap** ng sarin, ang mga sintomas ay magsisimula sa ilang segundo.

Kung ikaw ay **nakalunok** ng sarin, ang mga sintomas ay magsisimula anumang oras hanggang sa makaraan ang 18 oras.

Kung ang sarin ay **nadikit** sa iyong balat ikaw ay magpapawis at ang iyong katawan ay kikibot.

Ako ba ay maaaring mamatay kapag nalantad sa sarin?

Oo, kung nalantad ka sa marami. Malamang na gagaling ka mula sa kaunting pagkalantad nang walang mga pangmatagalang epekto.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nalantad sa sarin?

Tumawag sa 911. Sabihin sa kanila kung ano ang nangyari at kung nasaan ka.


Kung **nakalunok** ka ng sarin.

- **Tumawag sa 911.**
- Huwag kumain o uminom ng kahit ano.
- **Huwag subukang pasukahin ang iyong sarili.**



Kung ikaw ay **nakalanghap** ng o **nadikit** sa sarin gawin ang mga bagay na ito nang mabilis.

- **Kumilos.** Kung ikaw ay nasa labas, iwanan ang lugar na iyon. Kung ikaw ay nasa loob, pumunta sa labas. Ang sarin ay nananatili malapit sa lupa, kaya lumipat sa mataas na lugar kung kaya mo.
- **Hubarin ang panlabas na kasuotan.** Huwag hubarin ang anumang kasuotan mula sa ulo – **sa halip ay gupitin ang mga ito.** Sikaping huwag madikit sa iyong panlabas na kasuotan. Ito ay maaaring may sarin.
- **Hugasan ang sarili.** Gumamit ng maraming sabon at tubig. Kung ang iyong mga mata ay nag-iinit o ang iyong paningin ay nanlalabo, hugasan ang mga ito ng tubig nang 10 hanggang 15 minuto.
- **Itapon sa labas ang iyong mga kasuotan.** Matapos maghugas, gumamit ng mga gomang guwantes, gamiting guwantes ang mga plastik bag at ipasok ang mga kamay dito bago ilagay ang isinuot na mga kasuotan sa isang plastik bag.
- **Isarang mabuti ang bag.** At saka isarang mabuti ang bag na iyon sa loob ng isa pang bag na plastik. (Sabihin sa mga sumagot sa emerhensiya kung saan mo iniwan ang bag.)



Para sa karagdagang impormasyon...

Tumawag sa CDC para sa tulong sa Ingles:
800-CDC-INFO (800-232-4636)
888-232-6348 (TTY)

O bisitahin: www.cdc.gov/sarin
www.dhs.ca.gov/epo